

Balitang Manmin

BILANG 210 SETYEMBRE 16, 2018

“Pinapasaya ng Pag-ibig ng Diyos ang mga Puso Namin!”

2018 Summer Bible School, Malaking Handaang Makalangit para sa Maliliit na Bata



Mula Hulyo hanggang Agosto 1, 2018, idinaos ng paaralang pang-Linggo ang pag-aaral ng Biblia para sa mga bata sa pinakamalaking iglesya, at naibroadcast ito sa GCN. .

Tinutularan ng mga Bata ang Panginoon sa Tulong ng Salita at Panalangin

Ang 2018 Summer Bible School ay nagsimula sa isang pagsamba, ipinangaral ni Rev. Dr. Soojin Lee ang mensahe ng Diyos. Dahil sa mensahe at sa mga sabay-sabay na pag-aaral ng Biblia, natutuhan ng mga batang miyembro ng Manmin ang tungkol sa ‘buong espiritu’ (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23). Ito ay pusong naging banal at punung-puno ng kabutihan at pag-ibig ng Diyos. Maalab din silang nanalangin para makamit ang mabuti at magiliw na kalooban sa pulong-panalanging puspos ng Banal na Espiritu (litrato #7-9).

Nagdesisyon ang mga batang dumalo na palaguin ang mga pananampalataya nila para makapasok sa pinakamagandang tirahan sa Langit, ang Bagong Jerusalem, sa pamamagitan ng pagtuon sa Salita ng Diyos at panalangin para tanggapin ang

pagpuspos ng Espiritu.

Niluluwalhati ang Diyos ng mga Bata sa Pamamagitan ng Kanilang mga Papuri at Talento

Nanguna si Pastor Minkyung Cho, Punong-guro at Pastor ng Paaralang pang-Linggo ng mga bata, sa programang pinamagatang “Power Jesus” (Makapangyarihang Jesus). Inihandog ng mga bata ang kanilang pagpapasalamat at pagmamahal sa Diyos sa mga sayaw at awit ng mga papuri gamit ang kanilang dalisay at malinis na mga tinig (litrato #3-6).

Idinaos din ang ika-11 Manmin Children’s Talent Show, ang mga sumali ay hinati sa labing-isang grupo. Nagpakita sila ng husay sa musika, pagsasayaw bilang pagsamba, pagtugtog ng mga instrumento, pagkanta, pagsayaw ng jazz, at katuwaang pagsasayaw. Ang pinakamalaking premyo ay nakuha ng Shepherd’s Fruit Team (Masan), ang Gintong premyo ay nakuha ng Jewelry Team (Gumi), nakuha naman ang premyong Pilak ng Victory Team (Seoul), ang premyong Tanso

ng Symphony Ensemble (Seoul), at ang premyong Pinakasikat ay nasungkit ng Twinkle Team (Daejeon) (litrato#1-2).

Lumalago sa Panginoon ang mga Bata

Bukod dito, nagkaroon ng isang eksibit kung saan ipinaskil sa hardin ng iglesya ang mga litrato na nagpapakita ng kapangyarihan ng muling paglikha. Nagpakita ito ng mga patotoo ng mga napagalang sa pamamagitan ng panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nagkaroon ang mga bata ng pagkakataong makita ang kagandahan ng kalangitan, nakapagpalitrato sa mga lugar na nagpapaalala sa kanila ng kalangitan, at kumain ng popcorn. Nagkaroon ng palaro para sa mga pre-schoolers at mga batang nasa unang baitang na tinawag na “A Journey with Joseph”, at ang mga mas matatandang bata naman ay naglaro ng “We Are the Father’s Fruit” kung saan masaya silang nagpuri, nagsayaw, nag-unahan sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa Biblia, at tumanggap ng mga regalo. Marami pang ibang kaganapan ang kanilang silalihan, ginawa ito ayon sa edad ng bawat bata.

Pag-ibig ng Diyos

“At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya” (1 Juan 4:16).



Dr. Jaerock Lee

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Naibroadcast ang mga sermon niya ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Para maging ganap ang pananampalatayang may buong espiritu, dapat maintindihan ang sukat ng pag-ibig at katarungan ng Diyos. Dapat ipagsama ang dalawang ito, walang kinikilingan. Hindi naman nangangahulugan na magkapantay palagi, depende ito sa situwasyon ng mga tao ayon sa kalooban ng Diyos.

Kahit naiwaksi na ninyo ang kasamaan at naging espirituwal na, pwede pa rin kayong magkulang sa kabutihan, pagmamahal, at kaalaman tungkol sa katotohanan. Pwedeng maging dahilan ito na mahirapan kayong intindihin ang pag-ibig at katarungan ng Diyos at kung paano sila pagsasamahin. At kahit buo na ang espiritu ninyo pwede pa ring hindi perpekto ang pagkakaintindi ninyo sa pag-ibig at katarungan ng Diyos. Kaya pag-aaralan natin ang mabubuting halimbawa kung paano mapagsasama ang pag-ibig at katarungan ng Diyos.

1. Perpektong pagsasama ng pag-ibig at katarungan ng Diyos

Paano kung ayon lang sa katarungan ang paghatol ng Diyos sa inyo? Kung hindi bibigyan ng pangalawang pagkakataon ang mga nagkasala at hindi kaaawaan? Babayaran nila ang ginawa nilang kasalanan ayon sa batas ng espirituwal na kaharian.

Ang katarungan ng Diyos ay may kasamang perpektong pag-ibig. Hinahatulan Niya ang mga tao ayon sa katarungan, pero nagbibigay din Siya ng pinakamalaking antas ng pag-ibig ayon sa hangganan ng katarungan. Ito ay dahil nais Niyang magligtas ng kahit isa pang kaluluwa.

1) Ang Paghatol ng Baha

Mababasa sa Genesis 6:5-7, “Nakita ng PANGINOON na napakasama na ng mga tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama. Nalungkot ang PANGINOON na kanyang nilalang ang tao sa lupa at nalumbay ang Kanyang puso. Kaya’t sinabi ng PANGINOON, ‘Lilipulin Ko ang tao na Aking nilalang sa ibabaw ng lupa – ang tao, hayop, ang mga gumagapang, at ang mga ibon sa himpapawid, sapagkat Ako’y nalungkot na nilalang Ko sila.’”

Paulit-ulit ang pagtitiis ng Diyos hanggang sa lumampas na ang kasamaan ng mga tao sa limitasyon ng katarungan ng paghatol. Kailangan na Niyang hatulan ang mga tao, pero inutusan pa Niya si Noe, na siyang natitirang matuwid noong panahong iyon, na sabihan ang mga tao na maliligtas sila kung sasakay sila sa daong na ipinahanda ng Diyos sa kanya.

Pero walang nakinig kay Noe. Sa bandang huli, dumating na ang oras ng paghatol, si Noe lang at ang kanyang pamilya ang sumakay sa daong. Kahit noon, nagbigay ang Diyos ng pitong araw sa mga tao bago Niya isinara ang pintuan ng daong.

Hinintay Niyang kumatok ang mga tao sa pintuan ng daong para maligtas sila. Hinatulan Niya ang mga tao pero nais pa rin Niyang magbigay ng pagkakataon.

Maalab ang pagmamahal Niya.

2) Ang Paghatol ng Apoy sa Sodoma at Gomorra

Sa Genesis 18:20-21, sinabi ng Diyos kay Abraham, “Ang sigaw laban sa Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagkat ang kasalanan nila ay napakalubha. At bababa Ako ngayon at titingnan Ko kung ginawa nga nila ang ayon sa sigaw na dumating sa Akin; at kung hindi ay Aking malalaman.”

Pinakamakapangyarihan ang Diyos, alam Niya ang lahat ng bagay. Alam na Niya na kakailanganing wasakin ang Sodoma at Gomorra. Pero sinabi Niya kay Abraham ang tungkol sa paghatol dito at sinabi rin Niya kung kakailanganing hatulan ito. Bakit Niya sinabi ito? Ito ay dahil may pag-ibig Siya sa mga tao at nais Niyang maraming mailigtas. Nais Niyang magbigay ng maraming pagkakataon sa mga tao para maligtas sa pamamagitan ng isang taong matuwid tulad ni Abraham.

Ilang beses nagmakaawa si Abraham sa Diyos para sa mga mamamayan ng Sodoma at Gomorra. Batid niya ang kalooban ng Diyos na nais makapagligtas, idinalangin niya ang mga tao, naghandog siya ng panalangin para matupad ang kalooban ng Diyos. Sa bandang huli, tinanggap niya ang kasagutan ng Diyos. Sinabi ng Diyos na hindi Niya wawasakin ang mga lunsod kung mayroong sampung taong matuwid. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang arkangel para suriin ang mga lunsod ng Sodoma at Gomorra.

Walang sampung matuwid na tao sa malalaking lunsod na ito, hindi nila matatakasan ang paghatol ng apoy. Samantala, naalala ng Diyos si Abraham, pinalikas Niya si Lot at ang mga anak nitong babae sa lunsod na tinitirahan nito sa kalagitnaan ng paghatol. Dahil matuwid at mabuti si Abraham, nailigtas ang pamangkin niyang si Lot at ang mga anak nitong babae. Ganito tinapos ng Diyos ang paghatol, may pag-ibig hanggang sa huling sandali.

Sinasabi sa Ezekiel 18:23, “‘Mayroon ba Akong anumang kasiyahan sa kamatayan ng masama?’ sabi ng Panginoong DIYOS; at hindi ba mabuti na siya’y humiwalay sa kanyang lakad at mabuhay?’” Kapag may katarungan, hahatulan ang mga makasalanan at ang mga gumagawa ng masama. Pero may pag-ibig ang Diyos na nais Niyang talikuran ng mga tao ang daan patungo sa kamatayan sa kahit na anong paraan. Kung pupunuan nila ang sukat para sa pinakakaunting katarungan para maligtas, ililigtas sila ng Diyos.

3) Ang Paghatol sa Nineve

Ipinakita ng Diyos ang katarungan sa walang hanggang pag-ibig Niya sa mga Israelita at kahit sa mga Hentil. Isang magandang halimbawa dito ay ang pagbibigay Niya ng babala sa Nineve.

Sinabi ng Diyos kay Jonas, “Bumangon ka, pumaroon ka sa Nineve, sa malaking lunsod na iyon, at sumigaw ka laban doon, sapagkat ang kanilang kasamaan ay umabot sa harapan Ko.” (Jonas 1:2). Sa totoo lang, hindi paglabag sa katarungan kung winasak na ng Diyos agad

Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyong, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25) “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
 Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
 Website: <http://www.manmin.org/english>
www.manminnews.com
 Email: manminen@manmin.kr
 Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

“Ang buong espiritu ay antas ng pananampalataya na nakapagpapalugod sa Diyos (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23). Para makarating sa antas ng ‘pagkumpleto ng buong espiritu’, dapat maliwanag na maunawaan ninyo ang pag-ibig at katarungan ng Diyos at pag-isahin ang mga ito. Ito ang magsisilbing daan para makamit ninyo ang perpektong pag-ibig.”

Kinopya mula sa mensaheng “Love” (Pag-ibig) sa Kumperensya ng mga Lider

ang lunsod dahil umabot na sa harapan Niya ang kasamaan nito. Pero nagpadala Siya ng propeta doon para sabihin ang tungkol sa mangyayaring paghatol. Bakit? Dahil nais Niyang bigyan ang mga tao ng pagkakataong magsisi, umiwas sa kasamaan, at tumanggap ng kaligtasan.

Kamangha-mangha ang naging resulta ng pagbigay niya ng babala: Nanalangin ang hari at ang mga mamamayan ng Nineve, nanangis sa pananalangin at nag-ayuno ang mga alipin niya. Isinabay nila sa pag-aayuno ang bakahan nila. Tinalikuran nila ang kasamaang nakasanayan nila, at ang pagmamalupit na nasa kamay nila. Nagsikap silang magbunga ng sapat para makapagsisi. Nang makita ng Diyos ang pagsisisi nila, tinanggal ng Diyos ang galit Niya, hindi Niya ipinataw ang kalamidad na sinabi Niya (Jonas 3:10). Ito ay nangyari noong 760 BC.

Pagkatapos ng humigit-kumulang 100 taon, idineklara ulit ng Diyos ang pagwasak ng lunsod ng Nineve sa pamamagitan ni Nahum. Inilalarawan ng Aklat ni Nahum ang kaawa-awang paghatol na haharapin ng Nineve. Malupit na paghatol ito, maraming napaslang, maraming bangkay, at hindi mabilang na katawan, napapatid sila sa mga patay na katawang nagkalat. Dahil hindi nagsisi ang mga tao kahit binigyan sila ng babala, winasak sila noong 612 BC.

Sa totoo lang, binigyan ng Diyos ng maraming pagkakataon ang mga mamamayan ng Nineve para maligtas sa paghatol na kinakailangang mangyari. Pero pagkalipas ng 100 taon, lumaganap na naman ang kasamaan, lumampas ito sa katarungan at nawasak.

Pwedeng sabihin ng Diyos, “Binigyan Ko na sila ng pagkakataon at pinatawad Ko ang mga kasalanan nila kahit hindi ito pwedeng patawarin. Wala na Akong magagawa para sa kanila.” Pero hindi Niya sinabi ito. Gusto Niyang magbigay ng isa pang pagkakataon sa pamamagitan ni Nahum. Iniabot Niya ang kamay Niya para iligtas ang mga tao hanggang sa huling sandali, pero hindi hinawakan ng mga tao ang pagkakataon tulad ng nangyari noon. Bumagsak sila sa daan patungo sa pagkawasak.

4) Ang Pitong Taong Malaking Kapighatian

Kapag dumating ang Panginoon sa alapaap, ang mga taong nanampalataya at ligtas ay magkakaroon ng katawang muling nabuhay at aakyat sa hipapawid sa isang kisap-mata. Katapusan ito ng pangangalaga ng sangkatauhan, at ang mga maiiwan dito sa mundo ay magdurusa sa napakalungkot na Pitong Taong Malaking Kapighatian. Pero, kasama din dito ang mga taong hindi pa narinig ang tungkol sa ebanghelyo. Hindi sasabihin ng Diyos sa kanila, “Tapos na ang pangangalaga ng sangkatauhan. Wala na kayong pagkakataong maligtas.” Sa halip, ipapakita din ng Diyos sa kanila ang daan patungo sa kaligtasan. Ibig sabihin, kalooban din Niyang marinig ng mga taong ito ang ebanghelyo sa pamamagitan ng 144,000 na mga mangangaral, nakasulat ito sa Aklat ng Pahayag.

Kapag nangaral sila tungkol sa Panginoon, matatanto ng ibang tao na si Jesus ang tanging makapagliligtas sa kanila. Ang mga tatanggap sa Panginoon dahil sa pangangaral ng 144,000 mangangaral ay haharap sa mas kumportableng kamatayan tulad ng mga kalamidad na dala ng

kalikasan, o giyera na mangyayari sa panahon ng Kapighatian at maliligtas din. Hindi sila nakasama sa mga umakyat patungo sa langit dahil nga hindi pa nila narinig ang tungkol sa ebanghelyo. Pero binigyan ng Diyos ng huling pagkakataon ang mga taong nakaabot sa pinakamababang pamantayan ng kabutihan.

Pero may mga taong tatanggap ng kaligtasan sa kaawa-awang pagmamamati. Parang mga ipa sila na nakababatid ng ebanghelyo pero hindi tunay ang pananampalataya bago naganap ang Pag-agaw. Pwede nilang panghawakan ang huling pagkakataon para maligtas kung mananatili ang pananampalataya nila ng hindi magpapalagay ng tatak ng halimaw kahit dumadaan sila sa malupit na pagpapahirap. Mapalad sila kung maliligtas sila sa ganitong paraan, pero kakaunti lang ang maliligtas sa ganitong paraan. Kaya nais ng Diyos na walang maiwang mananampalataya sa Panginoon sa Pitong-taong Malaking Kapighatian kundi umakyat lahat sila sa himpapawid dahil sa tunay na pananampalataya.

Ipinakita at ipapakita pa Niya ang napakamakapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu sa huling yugto ng pangangalaga ng sangkatauhan hanggang sa pagbabalik ng Panginoon kung lalabas ang mga mananampalatayang parang ipa. Pero kahit maiwan sila dito sa mundo, bubuksan pa rin ng Diyos ang daan para mapanatili nila ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagmamamati.

Ang paraan ay ipapakita sa iglesyang ito, at ito ang dahilan kung bakit dapat nating itayo ang Pinakamalaking Santuwaryo. Mag-iiwan tayo ng iba’t ibang materyales sa Pinakamalaking Santuwaryo para mapanatili ang pananampalataya ng mga tao dito sa mundo at magmartir. Kahit habang nagaganap ang nakakapagod na paghatol ng katarungan, may pag-ibig pa rin ang Diyos sa mundong ito.

2. Ang perpektong pagkakaisa ng pag-ibig at katarungan ng Panginoon

1) Ang ministeryo ng krus

Ayon sa espirituwal na batas, “Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan,” dapat tumanggap ng walang hanggang kaparusahan ang mga makasalanan. Pero nais ng Diyos na buksan ang daan ng kaligtasan para sa kanila. Humanap Siya ng paraan para sa kanila ayon sa katarungan Niya. Ipinataw Niya kay Jesus ang sumpa ng batas, “Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.”

Ayon sa batas, “ang bibitayin ay isinumpa ng Diyos,” Tinubos tayo ni Jesus mula sa sumpa ng batas sa pamamagitan ng pagkamatay Niya sa krus. Ayon sa katarungan, “Kung walang dadanak na dugo, walang kapatawaran,” Tinubos Niya tayo sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng mahalagang dugo Niyang dumanak. Binayaran Niya ang halaga para iligtas ang mga makasalanan ayon sa katarungan. Nakabukas ang daan patungo sa kaligtasan para sa mga tatanggap kay Jesu-Cristo. Tinupad Niya ang batas nang may pag-ibig at walang nilabag na batas.

2) Pag-ibig at Katarungan sa babaing nahuling nangangalunya

Ginawa ni Jesus ang ministeryo Niya na may perpektong pagkakaisa ang pag-ibig at katarungan.

Halimbawa, dinala sa harapan Niya ng mga eskriba at Fariseo ang isang babaing nahuling nangangalunya.

Sa Juan 8:5, sinabi nila kay Jesus, “Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang iyong masasabi tugkol sa kanya?” Dapat batuhin hanggang sa mamatay ang babaing iyon ayon sa kautusan. Pero ang dahilan kung bakit nila tinanong si Jesus ay para subukin ito. Narinig din nila ang tungkol sa itinuturo Niya. Narinig nila na tinuturuan Niya ang mga tao na mahal in kahit ang kanilang mga kaaway at patawarin ang mga kapatid sa pananampalataya hanggang sa makapitumpung pito.

Kung sinabi Niyang batuhin ang babae hanggang sa mamatay, hindi ito sang-ayon sa mga tinuturo Niya. Kung sinabi Niyang patawarin ang babae, pagbibintangan Siyang nagtuturo ng laban sa Kautusan ni Moises. Hindi Siya pumarito para burahin ang Kautusan ng mga Propeta, kundi para tuparin ang mga ito. Ibig sabihin, dumating Siya para tuparin ang Kautusan ng may pag-ibig.

Kung imumungkahi Niya na patawarin ang babae at iligtas kahit nahuling nangangalunya, malalabag ang Kautusan. Pero kapag sinabi Niya na batuhin ito ayon sa katarungan, ito ay katarungan na may pag-ibig. Kaya dapat humanap ng paraan si Jesus para mailigtas ang babae nang hindi nilalabag ang Kautusan. Kung minamahal ninyo ang isang tao, hahanap kayo ng paraan.

Isinulat sa lupa ni Jesus ang mga kasalanan na ginawa ng mga eskriba at Fariseo, at sinabi, “Kung sinong walang kasalanan sa inyo, siya ang maunang bumato sa kanya.” Nang makita ng mga tao na isinulat ang mga kasalanan nila sa lupa, kinonsiyensya sila, isa-isa silang nagsialis. Walang humusga at bumato sa babae. Iniligtas ni Jesus ang babae nang may pag-ibig at hindi lumabag sa kautusan. Sinabi ni Jesus sa babae, “Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka na at mula ngayo’y huwag ka nang magkasala.”

Kung magkakasalang muli ang mga taong tumanggap ng malaking pagpapalang kaligtasan, mas mahirap na silang patawarin. Ito ay sapagkat may limitasyon ang hangganan ng katarungan na may pag-ibig. Ito ang dahilan kung bakit hindi Niya pinagpilitang mapigilan ang pagtataksil ni Judas Iscariote kahit nagpatuloy Siya sa pagbigay sa kanya ng pagkakataong manumbalik.

Nasa kamay ni Judas ang desisyon, mayroon siyang malayang kalooban. Pero sinikap ni Jesus na pigilan siya para gamitin nito sa kabutihan ang kanyang malayang kalooban. Kahit tinanggap siya ni Jesus hanggang sa huli, dahil sa kasamaan, pinili pa rin nito ang daan patungo sa kamatayan. Hindi ito pwedeng pigilan ng Diyos ang kanyang malayang kalooban dahil labag ito sa batas ng pangangalaga ng sangkatauhan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung minamahal ninyo ang Diyos, Hindi kayo magagalit sa mga taong makasalanan kahit galit kayo sa kasalanan nila. Pwede ninyong idalangin sila at ihanap ng paraan para tanggapin ang pagpapatawad ng Diyos at magkaroon ulit ng pag-asa. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na hindi ninyo hahatulan o huhusgahan ang ibang tao, kundi magtatanim kayo ng perpektong pag-ibig para sa kanila tulad ng ginawa ni Jesus para maging mga tunay na anak kayo ng Diyos.



“Gumaling Ako Mula sa Cardiac Arrhythmia at Pinarangalan Ako Para sa Paglilingkod Ko sa Kagawaran ng Public Administration and Security!”

Elder Kiho Kim, 63 taong gulang,
Parokya 23, Manmin Central Church

Tumanggap kami ng asawa ko ng malaking pagpapala mula sa libro ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life Before Death*. Dahil dito, dumalo kami sa iglesyang itinatag niya. Ang santuwaryo ay napanaginipan ng asawa ko ng tatlong beses habang ginagawa niya ang ipinangakong panalangin.

Natiyak namin na ginagabayan kami ng Diyos kaya nagrehistro kami sa Manmin noong Mayo 1991. Natugunan ng mga sermon ng Punong Pastor ang pagkauhaw ng espiritu ko, naging tapat kami sa pagdalo sa iglesya tuwing Araw ng Panginoon, nagbigay kami ng buong ikapu, at sinunod namin ang Salita ng Diyos.

Noong taong 2001, nagdusa ako sa problemang may kinalaman sa pag-iisip, nahirapan akong makibagay sa ibang tao. Isang gabi, may naramdaman akong umaakyat sa katawan ko mula sa mga daliri sa paa hanggang sa puso ko. Bumilis at hindi regular ang tibok ng puso ko, nahirapan din akong huminga.

Naalala ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit na naka-record sa Automated Response System. Habang tinatanggap ko ang panalangin ng ilang beses, bumalik sa normal ang paghinga ko. Pagkatapos, nakatulog ako. Sa panaginip ko, nakita ko ang Punong Pastor, nakabihis siya na parang doktor at mayroon siyang gwantes na ginagamit sa operasyon. Diniinan niya ang dibdib ko ng tatlong beses, parang CPR.

Kinabukasan, pumunta ako sa ospital at nagpasuri. Sinabi ng doctor na ang sakit ko ay

cardiac arrhythmia, at pwedeng umulit pa ito. Pero, labingpitong taon na ang nakaraan at hindi na umulit ito. Malusog ako at walang masamang epektong idinulot sa katawan ko ang sakit ko. Hallelujah!

Naranasan ko na magpanibago ang puso ko. Mas naging mapagpasalamat ako sa buhay na ibinigay sa akin ng Diyos. Dahil puno ng pagpapasalamat ang puso ko, nagboluntaryo ako na maghatid ng mga miyembro ng lokal na santuwaryo ng Ilsan, ginawa ko rin ang tungkuling ibinigay sa akin ng Diyos bilang lider ng isang distrito. Dahil sa panalangin ng Punong Pastor gumaling din ang malalang scoliosis ng anak kong si Sister Maria Kim. Ang asawa kong si Punong Diakonesa Hwaja Lee ay naglilingkod bilang lider ng distrito, hindi siya nagkakasakit. Puno ng kaligayahan at kasiyahan ang pamilya ko.

Sa mundong puno ng mga aksidente at kalamidad, nananatili kaming walang alalahanin dahil sa Panginoon. Sa taong ito, tumanggap ako ng isa pang malaking pagpapala. Nagtrabaho ako bilang pampublikong lingkod sa Seoul Forest Office ng Korea Forest Service ng mahigit 28 taon. Nang matapos ang paglilingkod ko noong Hunyo 30, 2018, ginawaran ako ng pagkilala ng Ministry of Public Administration and Security mula sa Presidente.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagkalinga at nagtaguyod ng buhay ko. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nagpalago sa akin sa pamamagitan ng Salita ng Buhay.

Hindi ako naalagaan ng mga magulang ko habang lumalaki ako dahil pareho silang nagtatrabaho. Sinasaktan nila ako at minumura. Hindi rin ako pinapahalagahan ng ibang tao. Dahil dito, palagi akong takot at malungkot. Walang ako tiwala sa sariling kakayahan at mahina ang katawan ko.

Noong 14 taong gulang na ako, nabalitaan ko na may kapitbahay kaming babae na nagpakamatay. Nang pumunta ako sa lugar na pinangyarihan ng insidente, may kakaibang nangyari sa akin. Nawalan ako ng ganang mabuhay, pakiramdam ko, walang nagmamahal sa akin at nalungkot ako. Gusto ko ring magpakamatay.

Nang mag-asawa ako, negatibo pa rin ang pag-iisip ko. Dumaan ako sa depresyon at palagi kong naiisip ang pagpakamatay. Binasa ko ang Biblia, nagsimba ako, pero hindi ko napanindigan.

Noong taong 2015, pumunta ako sa Kuala Lumpur para sa International Book Fair. Nakilala ko doon si Kapatid Deborah Tang, Presidente ng Malaysia Manmin Publisher. Nabalitaan ko doon ang tugkol sa ebanghelyo ng kabanalan at ministryo ng Manmin. Binili ko ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Diyos na Nagpapagaling*.

Pagkatapos, dumalo ako sa WCDN International Christian Medical Conference na ginanap din sa Kuala Lumpur. Pero nagdurusa pa rin ako sa pisikal at espirituwal dahil hindi gaanong malalim ang kaalaman ko sa Salita ng Diyos. Wala akong kilalang makakapagdala

sa akin sa katotohanan.

Mula Setyembre 2016, pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Lee sa internet. Natanto ko dito na ang Diyos ay pag-ibig. Nagrehistro ako bilang miyembro ng Manmin. Pinakinggan ko ang mga mensahe ni Dr. Lee at tinanggap ko ang panalangin niya araw-araw. Pero parang hindi mapanatag ang katawan ko, kinumbulasyon ako. Napanaginipan kong pinalangin ako ng Punong Pastor, naging malinaw ang pag-iisip ko. Nagkaroon ng kapayapaan ang kalooban ko.

Noong Agosto 2017, may gaganaping retreat sa tag-init ang Manmin, nais kong tumanggap dito ng lubos na paggaling. Pinakinggan ko ang sermon ni Dr. Lee na “The Message of the Cross”, habang

nanalangin ako, pinagsisihan ko ang naging buhay ko noon. Nakarating ako sa Manmin Central Church. Kinumbulasyon ulit ako dahil ayaw lumabas ng demonyo sa katawan ko. Sinabi nitong ayaw niyang lumabas, pero sinabi ko na dapat siyang lumayas.

Noong unang gabi ng Retreat sa Tag-init, nang manalangin ang

Punong Pastor, nanginig ang mga kamay ko, nagkaroon ako ng malalang kumbulasyon. Nanghina ako at hindi makapagsalita. Gising ako pero hindi ko mapigilan ang katawan ko. Nang idalagin ulit ako ng Punong Pastor, lumayas ang demonyo mula sa katawan ko. Hallelujah!



“Nakalaya Ako sa Pagsapi ng Demonyo at Gumaling Mula sa Depresyon!”

Kapatid na Hew Foong Peng, 43 taong gulang, Malaysia

Si Kapatid Hew Foong Peng, habang nagpapatotoo tungkol sa paglayas ng demonyo mula sa katawan niya dahil sa makapangyarihang panalangin sa Retreat sa Tag-init 2017.



Mga Sangay ng Ministryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714